


## PANANALANGIN PARA SA IBANG MANANAMPALATAYA

**Review:** Habang lumalago ang mga tagasunod ni Cristo, natututunan nilang \_\_\_\_\_ muna ang kaharian at katuwiran ng Diyos.



### Ang Panalangin para sa Ibang Mananampalataya ay Paghahanap rin ng Kaharian ng Diyos



1. Ninanais ni Jesus na maging tapat sa kanya at sa kanyang salita ang kanyang mga tagasunod.
2. Karamihan ng mga utos sa Bibliya ay nakalaan para sa mga tagasunod ni Cristo. Hindi dahil walang pakialam ang Diyos sa ibang tao, ngunit dinisenyo ng Diyos na ang kaligtasan ng marami ay nakasalalay sa espirituwal na kalagayan ng kanyang mga anak. Ayon nga kay Bill Hybels, “The church is the hope of the world.” Kaya nga hindi natin makikita na nag-utos si Pablo na ipanalangin natin ang mga taong wala pa kay Cristo, kundi ipanalangin ang bawat isa. Ang isang “evangelistic strategy” na ibinigay ni Jesus ay ang makita ng mga tao ang pag-ibig at pagkakaisa sa pagitan ng mga mananampalataya (John 13:34-35; 17:22-23). Matututunan lamang nating mahalín ang mga taong hindi pa natin nakikilala pagkatapos nating ibigin ang mga taong kilala na natin. Kung hindi natin iibigin ang mga taong kabilang na sa atin, paano natin iibigin ang mga taong hindi pa kabilang sa atin?
3. Ibigay sa atin ng Diyos ang ani ng mga taong lalapit kay Cristo kung mag-iibigan tayo sa isa’t isa sapagkat nakikita ng Diyos na ang mga taong idadagdag niya sa atin ay iibigin din natin. Kung paano ang pakikitungo natin sa mga kapatid natin ngayon, gayon din ang magiging pakikitungo natin sa mga taong ibigay ng Diyos upang mapabilang sa atin. Tandaan natin, ayon sa Matthew 9:35-38, gusto silang alagaan ni Jesus tulad ng isang pastol sa kanyang mga tupa.
4. Kung sa gayon, ang kung hahanapin natin ang kaharian ng Diyos sa panalangin, nangangahulugan din ito ng panalangin para sa mga kapatid natin kay Cristo.

### Ano ang Dapat Nating Ipanalangin para sa Isa’t Isa?

1. Na ang ating mga isipan ay magkaroon ng pagkaunawa sa kalooban ng Diyos at upang lumalim pa ang pagkakilala natin sa kanya (Phil. 1:9-11; Col. 1:9-11). Higit sa 40% ng panalangin ni Pablo para sa iba ay may kinalaman sa pagkilos ng Diyos sa isipan.
2. Na ang ating mga puso ay palagi maging mainit para sa kanya (1 Kings 8:58; 2 Thes. 3:5).
3. Na ang ating mga espiritu ay maging matibay sa pananampalataya (Eph. 3:16-17).
4. Na maging mainit ang pagmamahalan natin sa isa’t isa (1 Pet. 4:8).
5. Na maging tapat tayo na gawin ang lahat ng nais niyang gawin natin (1 Cor. 4:2).
6. Na mabigyan natin siya ng karangalan sa lahat ng bagay (Matt. 5:16; 1 Cor. 10:31).

### Pagtugon sa Diyos

1. Pasalamatang ang Diyos sa kanyang mga ginawa sa buhay mo sa pamamagitan ng mga taong inilagay niya sa paligid mo.
2. Sino sa mga kapatid natin ang inilagay ng Diyos sa isip mo nitong nakaraang mga araw?
3. Maaari mo bang hayaan ang Diyos na ilagay niya sa isip mo ang isang kapatid sa mga susunod na araw upang mailapit mo sila sa Diyos at mapagpala sa pamamagitan ng panalangin?



### Kingdom Prayer List

1. Ipanalangin ang isa’t isa – mga espirituwal na pagpapala sa bawat isa at sa mga kapatid natin sa iglesia.
2. Ipanalangin ang mga nangunguna sa iba’t ibang ministeryo ng iglesia.
3. Ipanalangin ang mga bata sa iglesia.
4. Ipanalangin na ipakita ng Diyos ang isang tiyak na bagay na gusto niyang gawin natin para sa ating paligid at buksan ng Diyos ang mga opportunities upang maibahagi ang Mabuting Balita.



<sup>1</sup> Franklin, John, *Dynamic Prayer Meeting Study Guide*, ©2005 LifeWay Christian Resources, Translated to Filipino by Derick Parfan (Available at [http://www.lifeway.com/lwc/files/lwcF\\_PDF\\_PrayerMeetingGuide\\_Franklin.pdf](http://www.lifeway.com/lwc/files/lwcF_PDF_PrayerMeetingGuide_Franklin.pdf)).